# *Ang Patriyarkang Si Abraham*

Aklat ng Genesis uli, sa ika-22 kabanata, simula sa ika-15 talata, at inaasahan natin ngayon na mangusap lamang nang kaunting sandali at sisimulan na ang gawain. Genesis 22, simula sa ika-15 talata.

> *At tinawag ng anghel ng* P*ANGINOON si Abraham na ikalawa mula sa langit,*
>
> *At sinabi, Sa aking sarili ay sumumpa ako, anang* P*ANGINOON sapagka't ginawa mo ito, at hindi mo itinanggi sa akin ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak:*
>
> *Na sa pagpapala ay pagpapalain kita, at sa pagpaparami ay pararamihin ko ang iyong binhi na gaya ng mga bituin sa langit, at gaya ng* mga buhangin *na* nasa *baybayin ng dagat; at kakamtin ng iyong binhi ang* mga pintuang-bayan *ng kaniyang* kaaway;
>
> *At pagpapalain sa iyong binhi ang lahat ng bansa sa lupa; sapagka't sinunod mo ang aking tinig.*

2 Grabeng pangako, dahil sa pagsunod! Pagsunod ang bagay na nais ng Diyos. Minsan nga'y sinabi, "Ang pagsunod ay mas maigi kaysa sa hain." Ang sundin ang Panginoon ay mas maigi kaysa sa anupamang hain na maiaalay mo.

3 Nasa harapan natin ngayon ang isang dakilang teksto, ngayong gabi, *Ang Patriyarkang Si Abraham*, na tinawag na "ama ng Pananampalataya," dahil nangako sa kanya ang Diyos ng pangako na mamanahin niya ang lupa, at ng kanyang Binhi. At sa pamamagitan nga ni Abraham na tayo, yamang patay na kay Cristo, ay naging Binhi ni Abraham at mga tagapagmana kasama Niya ayon sa pangako.

4 Ngayon, si Abraham ay isang ordinaryong tao lamang, hindi siya espesyal. Hindi siya kailanman tinawag ng Diyos, kung pagbabatayan ang anumang tala na mayroon tayo, hanggang sa siya'y sumapit sa edad na pitumpu't lima. Ang kanyang asawa, na kapatid niya sa ama, ay animnapu't limang taong gulang naman noong panahon na 'yun, marahil magkasama na silang namumuhay mula noong batang-bata pa sila. At ang babae't baog, at hindi magkaanak. Ang Diyos ay tumawag ng ganap na paghihiwalay, para ihiwalay niya ang kanyang sarili mula sa iba pa sa mundo, at mula sa lahat na kanyang kababayan, at mula sa lahat na kanyang mga kamag-anak. May bagay na espesyal na ipinagagawa sa kanya.

5 At kapag inaasahan ng Diyos na kayo'y gagawa ng isang espesyal na bagay, ang mariing pinag-uutos Niya ay isang

ganap na paghihiwalay mula sa anumang pag-aalinlangan. Kinakailangan n'yong sumapit sa ganap na pagsunod, para sundin ang bagay na sinasabi Niya. Yan ang mariing hinahanap ng Diyos. Hindi n'yo puwede itong gawin sa ibang pamamaraan. At, ngayon, Siya'y nagbibigay ng halimbawa sa tuwina, at 'yun ang Kanyang halimbawa, na isang ganap na paghihiwalay mula sa lahat na kanyang kapamilya, sa lahat na kanyang mga kamag-anakan, at iba pa, para lumakad ng isang buhay na hiwalay ukol sa Diyos.

6 Dumaan ang mga taon, walang nangyari, pero si Abraham ay nanatiling nanghahawakan pa rin. Hindi siya napanghinaan ng loob. "Hindi siya nag-alinlangan sa mga pangako ng Diyos sa pamamagitan ng di pananampalataya, kundi lumakas nang lumakas, na niluluwalhati ang Diyos."

7 Taon at taon, sa paglipas nito, hindi maikakatwang maraming kritiko ang dumarating at nagsasabi, "Abraham, ama ng mga bansa, ilan na bang mga anak ang mayroon ka ngayon?" Hindi siya nun natinag. Walang anak, at si Sarah ay lampas na sa panahon ng buhay, ng panganganak, hayan nga't, lampas-lampas na sa menopause, pero sa kabila nun si Abraham ay nanampalataya pa rin sa Diyos. Naghanda na nga siya sa parating na sanggol, dahil alam niya at kumbinsidong-kumbinsido siya na ang Diyos ay hindi gagawa ng pangako na hindi Niya ganap na ipangyayari mismo.

8 Dapat ganoon din ang pag-iisip ng kanyang Binhi. Kahit na gaano pang waring di ito tunay, gaano pang waring di ito natural sa natural na isipan, mangyari nga na ang Diyos ay di gagawa ng pangako na hindi Niya ganap na aasikasuhin 'yun. Ganyan mismo ang sinasampalatayanan natin. Bawat tunay na Binhi ni Abraham ay nananampalataya sa siya ring bagay. Kahit na ano pa ang sirkumstansya, gaano pang karaming kaalaman ang maipon natin, gaano pang karaming bagay ang mangyari, gaano pang di natural ito sa natural na pag-iisip, o kahit na gaano pang kahangalan ito, ang ibig kong sabihin, sa natural na pag-iisip, walang kaso 'yun. Kung Diyos ang nagsabi, 'yun na 'yun. At ang Binhi ni Abraham ay nananangan sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Yun na 'yun.

9 Nalaman natin, makalipas ang dalawampu't limang taon, haya't wala talagang anak. At sa kabila nun ay tapat sa tuwina ang Diyos na tuparin ang pangako kay Abraham, dahil si Abraham ay sumasampalataya sa Diyos. Dumating nga ang munting batang lalaki, si munting Isaac.

10 Pagkatapos na dumating si munting Isaac sa eksena, hayan nga na nasumpungan natin na binigyan ng Diyos si Abraham ng dobleng pagsubok. Ang sabi Niya, "Ang batang ito . . . " Matapos na ngayon ay halos sandaan at labing-limang taong gulang na, o dalawampu, si Abraham. Ang sabi Niya, "Nais Kong dalhin mo

ito, ang iyong nag-iisang anak, at dalhin mo siya sa bundok na ipakikita ko sa iyo, at doon ay ialay mo siya, sa bundok na ito, para gawing hain." Sa madaling salita, wasakin mo ang bawat katunayan na mayroon siya na ang pangako'y matutupad. Yan nga'y aalisin ang lahat ng natural na mga bagay.

11 At sabi ni Abraham, "Tinanggap ko siya bilang isa mula sa patay. At ako'y ganap na kumbinsido na kaya Niyang ibangon ang batang ito mula sa patay."

12 Hayan nga ang mga tao ngayon na Binhi ni Abraham, dahil ibinangon Niya tayo mula sa patay. Tayo'y patay noon sa kasalanan at pagsalangsang. At Siya Na may kakayahang baguhin ang isipan ko, baguhin ang kaisipan ko, baguhin ang kalikasan ko, baguhin ako na panibago, ay magagawa nga Niya ang bagay na ninanais Niya. Anumang bagay ang sabihin Niya, sinasampalatayanan ko ito na Katotohanan, at bawat Binhi ni Abraham ay sumasampalataya sa siya ring bagay.

13 Si Abraham, na hindi naging masuwayin sa Diyos, ay kinuha ang munting bata. At sa umagang 'yun, sinabi sa mga alipin, "Maghintay kayo rito kasama ang mga mola. At ang bata't ako'y magtutungo roon sa ibayo para sumamba, at siya't ako'y magbabalik." Oh, papaano nga niya 'yun gagawin? Samantalang tutungo nga siya roon sa ibabaw ng bundok, para kitilin ang buhay ng sarili niyang anak, pero sa kabila nun ay sasabihin niya, "Ang bata, ang batang lalaki't ako ay magbabalik." Alam niya na may bagay na mangyayari. At hindi nga lang niya alam kung papaano 'yun gagawin ng Diyos; hindi na niya 'yun problema. Alam niya na ipinangako 'yun ng Diyos.

14 Yun lang ang bagay na dapat nating malaman, na ipinangako ito ng Diyos! Kung papaano 'yun mangyayari? Hindi ko masasabi sa inyo. Pero Diyos ang nagsabi nito! Ipapadala Niya si Jesus Cristo, sa ikalawang pagkakataon, darating Siya sa isang pisikal na anyo. Kukunin Niya ang Kanya. Tapos magkakaroon ng isang libong taon, na paghaharing milenyum sa ibabaw ng lupang ito, kasama Siya, kasama ang mga tinubos. Yun ang bagay na ipinangako Niya, at nakatuon tayo sa oras na 'yun na dumating.

15 Nangako Siya na pagagalingin ang maysakit, na bubuhayin ang patay, na palalayasin ang mga diyablo. Nangako Siya na gagawin ito. Siya'y siya pa ring kahapon, ngayon at magpakailanman. Paano? Hindi ko alam. Basta nangako Siya na gagawin ito! Sinasampalatayanan natin ito; 'yun na 'yun. Kapag ang isang tao'y sumasampalataya sa Diyos, sinasampalatayanan niya ang lahat na sinasabi Niya.

16 At ganoon ang pagsampalataya ni Abraham sa Diyos. Ngayon inutusan nga siya na wasakin ang bawat katunayan na ang pangako ng Diyos ay tutuparin, pero siya nga'y kumbinsido na magagawa 'yun ng Diyos.

17 Ngayon, hindi lang ibinigay ng Diyos ang dakilang pangako na ito, ibinigay Niya ito sa Binhi rin, ni Abraham. At dahil naging tapat si Abraham, at pinanghawakan ang—ang Salita ng Diyos na ipinangako ng Diyos sa kanya, at kaya batid niya na magagawa ng Diyos na ibangon ang bata na ito. At hindi niya ipinagkait ang kanyang sariling anak; anupa't (ang Diyos) ito'y tipo ng Diyos na ibinibigay ang Kanyang Sariling Anak, hayan nga; habang pasan-pasan ang kahoy sa bundok, at iba pa; kung papaano nga na si Cristo rin paglaon ay pinasan ang Sarili Niyang pang-alay na kahoy, paakyat sa burol, kung saan Siya ipapako sa krus.

18 Napagtanto natin 'yan dito, na dahil sa ginawang ito, nalugod nang husto ang Diyos na makita na iniibig Siya ni Abraham nang higit sa anupamang bagay sa mundo, higit pa sa sarili niyang nag-iisang anak. Iniibig niya Siya nang higit sa anumang bagay na maaaring sabihin ng iba, na maaaring gawin ng iba, haya't ganoon na lamang ang pag-ibig niya sa Diyos na siya'y nananampalataya pa rin sa Kanyang Salita.

19 Lahat ng Binhi ni Abraham ay sumasampalataya sa Diyos nang gaya n'yan. Sila'y sumasampalataya sa Diyos. At alam natin na nilulugod nito nang husto ang Diyos na dito'y ganito ang sinabi Niya, "Kakamtin ng iyong Binhi ang mga pintuang-bayan ng kaaway nito. Kakamtin ng iyong Binhi ang mga pintuang-bayan ng kaaway nito." Tandaan n'yo, 'yan nga'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Sinasampalatayanan 'yan ng Binhi ni Abraham. Kung ikaw ay tunay na Binhi ni Abraham, ang pananampalataya na taglay ni Abraham sa Diyos, ito'y nasa inyo. At sinasampalatayanan n'yo na kung ano ang sinabi ng Diyos, talagang tinutupad ng Diyos ang Kanyang pangako.

20 At sinabi Niya ito, ngayon alalahanin n'yo, binigay lamang Niya ang pangakong ito kay Abraham matapos na bigyan Niya siya ng isang pagsubok. Ang Binhi ni Abraham ay kinakailangan na masubok muna, para makita kung tunay ba silang sumasampalataya sa Salita. Alalahanin n'yo, ang tanging paraan na makakamit niya ang pangako ng Diyos, ay dahil sinampalatayanan niya ang pangako ng Diyos, at nasubok kung siya ba'y sumasampalataya Rito o hindi.

21 Dinadala rin tayo sa pagsubok na 'yun. Ang Binhi ni Abraham, sa panahon ngayon, ay dinadala sa pagsubok na 'yun. Panghahawakan ba natin ang Salita ng Diyos, o panghahawakan natin kung ano ang sinabi ng tao tungkol Dito? Panghahawakan ba natin ang isang bagay na gawa-gawang kredo ng kung anong organisasyon, at 'yun ang tatanggapin, o panghahawakan natin ang bagay na sinabi ng Diyos? Kung ang Salita ng Diyos ay totoo, sinasampalatayanan natin ang Salita ng Diyos, kahit na ano pa ang sabi-sabihin ng iba. Ang bawat salita ng tao'y maging kasinungalingan nga sa atin, at ang sa Diyos

ang Katotohanan. Iyan ang tunay na Binhi ni Abraham! Pero bago kayo maging yaong tunay na Binhi, kinakailangan n'yong dumaan sa pagsubok, gaya ng ginawa ni Abraham, mismo. Hindi lang Siya kay Abraham nangako, bagkus ang kanyang Binhi'y kakamtin ang mga pintuang-bayan ng kaaway. Oh, grabe!

22 Isipin n'yo, ang patriyarka'y kumbinsidong-kumbinsido rito, na ang pagsubok sa kanya ukol sa pangako ng Salita ng Diyos, ay tama. Kahit na ano pa ang mga sirkumstansya, siya'y nanampalataya pa rin na ang Salita ay tama. Si Abraham, ang dakilang patriyarka, ay di kailanman nagpahapay-hapay sa pananampalataya, noong dalhin siya sa panahon na 'yun ng pagsubok. Nananampalataya siya na ang Diyos ay may kakayahan na ibangon siya mula sa patay. Sinampalatayanan niya 'yun, dahil Diyos ang nangako. At yamang ang Diyos ang gumawa ng pangako na siya'y magiging "ama ng mga bansa," haya't sinampalatayanan niya na ganoon nga. Hindi man niya alam kung papaano 'yun mangyayari. Noong dumating ang sanggol, matapos na siya'y magtiwala, nang dalawampu't limang taon, pagkatapos nga'y uutusan siya na patayin ang bata na 'yun, hayan pa rin na batid niya na ang pangako ng Diyos ay totoo, at ibinigay nga niya ang kanyang anak.

23 Ang kanyang Binhi, ay ganoon din! Ang pangako ng Diyos ay yaong selyo, sa kanila na Binhi ni Abraham. Ang pangako'y isang selyo, isang naglagdang saksi. At kapag sinampalatayanan natin ang bawat Salita, kung ganoon ay ibinigay sa atin ang selyo, na sa pamamagitan nito ay pinatotohanan ang pangako. Kita n'yo, kung tayo—kung tayo, sa pagiging Binhi ni Abraham, dumadaan tayo sa pagsubok na kung tayo ba'y sasampalataya sa Biblia, o hindi. Ang Biblia'y Salita ng Diyos, dahil Ito'y ang Diyos. At pagkatapos na dumaan kayo sa pagsubok, para sumampalataya.

24 Sa panahon na sasabi-sabihin ng iba, "Tapos na ang araw ng mga himala," kung tatanggapin mo 'yun, 'yun nga'y kontra sa Salita.

25 Kung sasabihin mo, "Hindi na kayo makakatanggap ng Espiritu Santo, sa panahon ngayon. Wala nang ganyang bagay. Yaong labing-dalawang alagad lang noon ang nakatanggap Nito."

26 Ang sabi ng Salita, si Pedro nga'y ipinapangaral Ito noong Araw na 'yun ng Pentecostes, ang sabi niya, "Mangagsisi kayo, bawat isa sa inyo, at mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapapatawad ng kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo. Sapagkat sa inyo ang pangako, at sa inyong mga anak, at sa lahat ng nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos."

27 Ganoon ang eksaktong ibig sabihin Nito. Heto't, ngayon kung handa na kayo para dumaan sa pagsubok, ng depinitibong pagsubok ng Diyos, at sundin ang preskripsyon na 'yun,

sinasabi ko sa inyo, masusumpungan n'yo na tinutupad ng Diyos ang Kanyang Salita, kung sasampalatayanan n'yo Ito. Ganoon nga. Pero kinakailangan n'yong dumaan doon, dahil 'yun ang selyo; kung matatanggap n'yo Ito, kung ganoon nga'y tatanggapin n'yo ang pangako. Dahil, Ito'y preskripsyon ng Diyos, ang paraan kung paano ba natin 'yun gagawin, at 'yun ang pamamaraan na dapat nating sundin Ito, sadyang kung ano ang sinabi Niya. Ngayon hindi lang sa iilan, kundi "sa sinuman," sinuman na sumasampalataya, sinuman na nagsisisi, sinuman na nananampalataya. Ito'y para sa lahat ng henerasyon, sa lahat na mga tao, sinuman na nagnanais na sampalatayanan Ito. At ang pagsampalataya sa Salita ng Diyos ang maghahatid sa inyo ng pangakong ito. Sa puntong 'yun, at sa puntong 'yun lamang, na makakamit n'yo ang kapangyarihan na ariin ang selyo ng pangako.

28 At ang pangako na natanggap natin, ang selyo, ay ang bautismo ng Espiritu Santo. Tama nga. Dahil 'yun ang Diyos sa anyo ng Espiritu, na kayo'y ang Kanyang Salita na nasa inyo, pagkatapos Siya'y papasok. Kung tatanggapin n'yo ang Salita sa loob n'yo, ang Espiritu Santo lang ang tanging makapagbubunsod na Yun ay mabuhay, at kung ganun ay kamit n'yo na ang pangako na ariin ang pintuang-bayan ng bawat kaaway na nagtatangkang lumusob sa inyo. Ganoon nga. Ipinangako ito ng Diyos, at ganoon nga ito.

29 Ngayon, alalahanin n'yo, doon n'yo lamang ito magagawa sa puntong 'yun, at sa puntong 'yun lamang, matapos na masubok sa pamamagitan ng Salita.

30 Si Abraham ay nasubok sa pamamagitan ng Salita. "Sasampalataya ka ba, Abraham, na kakamtin mo ang inyong anak?"

"Opo."

31 Noong dumating na ang anak. "Ngayon puksain mo siya. Sumasampalataya ka pa rin ba, Abraham?"

32 "Sinasampalatayan ko pa rin ito, siyanga, dahil may kakayahan Ka po na ibangon siya mula sa patay."

33 At pagkatapos nun, ang sabi Niya, "Ngayon, ang Binhi mo'y kakamtin ang pintuang-bayan ng kaaway nito." Amen! Matapos na dumating ang pagsubok!

34 Sige't tingnan pa natin ang ilang binhi ni Abraham sa natural na binhi. Na, heto tayo ngayon na espirituwal na Binhi. Pero sige't sumpungan natin, sa pamamagitan ng natural na binhi, ang ilan sa kanila na nanampalataya noon sa buong pangako ng Diyos, at di kailanman kumuwe-. . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

35 Sabi ko, "Siya nga pala, sa ano bang layunin na kailangan ipakita ng isang Cristianong dalagita ang pang-ilalim niyang kasuotan? Hindi ko 'yan maintindihan."

36 Kayo'y ipinanganak nang muli, ng Diyos, kamit n'yo ang kagandahan ng Espiritu Santo para ipakita mismo kung ano kayo, kung ano nga ba kayo. Mayroon kayong kabanalan na wala itong iskandalosong mga pananamit. Ganoon nga. Ang isang tunay na babae ng Diyos, na tumitindig na may kabanalan, kayo nga'y marahil tatawanan, at babansagang makaluma; pero mayroon kayong isang bagay na hindi nila masasaling, at naiwaglit pa nga ito at hindi na 'yun maaari pang makamtan muli. Ganoon nga. Mayroon kayong kabanalan. Yun ang bagay na hinahanap ng Diyos, ang kabanalan. Kita n'yo?

37 Pero ang unang bagay, kung may duda sa isip n'yo, huwag na huwag n'yo ngang gagawin 'yun. Huwag kayong dadako sa pila para sa pananalangin kung may duda sa isip n'yo. Huwag kayong dadako maliban na buong-buo n'yo itong sinasampalatayanan, nang mariin, na walang pag-aatubili sa isipan n'yo, na kahit ano, kundi kayo'y gagaling mismo ano't anuman, kung ganoon ay bababa kayo mula sa entabladong ito na magaling na. Ganoon nga, kapag wala ni isang pagdududa sa inyong isipan, na kahit ano. Kinakailangan n'yong manampalataya sa Diyos, hindi kunwang-sasampalataya. Tunay mismo na sasampalataya!

38 At sinasampalatayanan ito ng Binhi ni Abraham dahil sinabi 'yun mismo ng Salita, at 'yan ang dahilan kung bakit natin ito sinasampalatayanan. Hindi dahil may panunuri ang isang tao, o dahil may kung sinong tao ang nagsabi nito. Haya't dahil ang Diyos mismo ang nagsabi nito, na siyang nagpapaging Katotohanan nito. Kapag Diyos ang nagsabi nito, 'yun ang tatapos sa lahat na mga pagdududa. Siya ang huling salita. Siya ang ultimato mismo. Kapag may sasabihin ang Diyos na anumang bagay, 'yun na 'yun. Walang anumang bagay ang makapagsasalita ng anumang laban Dito. "Ang bawat salita ng tao'y isang kasinungalingan, at ang Akin ang Katotohanan."

39 Ngayon habang tinutugaygay natin ang ilan sa mga binhing ito, magbulay tayo. Bulayin natin 'yung mga binatang Hebreo, na inilista ko rito, bulayin natin 'yun, 'yung tungkol sa mga binatang Hebreo, at sila'y sinubok mismo laban sa pagsamba sa imahe. Ngayon, alalahanin n'yo, ang sabi ng hari, "Sinumang hindi yuyuko sa imaheng ito, ay ipapatapon sa nag-aapoy na hurno." Ngayon, ang mga binatang ito'y nananampalataya na ang Salita ng Diyos ay tama, na di dapat sila sumasamba sa kung anong uri ng imahe, na anupa't noong sumapit sila sa pagtutuos haya't sinubok sila kung gagawin ba nila.

40 Gayong, ang lahat ng iba pang kabataan ay nagtungo roon at tinanggap at sumamba, sila nga'y umayon mismo sa paraan

na sinabi ng hari. Sila'y nakiayon sa popular na kaisipan noong panahon na 'yun, na kailangan daw nilang gagawin 'yun.

41 At noong ang mga binata na 'yun ay sinubok, kung sila ba'y sasamba sa imahe at susuway sa Salita ng Diyos, nanatili silang tapat sa Salita. Kahit na ano pa ang sirkumstansya, nanatili silang tapat sa Salita. At noong ipatapon na nila ang mga binata sa nag-aapoy na hurno, ang pangako ng Diyos ay natupad. Kinamit nila ang mga pintuang-bayan ng kanilang kaaway. At may ika-apat na Lalaking nakatayo roon, na may susi na kinalag ang init mula apoy, at wala ngang magawa ang apoy kundi pabayaan sila. Amen.

42 Kapag ang isang lalaki o isang babae'y handang masubok, ng depinitibong pagsubok!

43 Kita n'yo, kinailangan nilang dumaan sa apoy. At noong magawa nila, naroon nga sila sa apoy, at ang tanging bagay na nangyari, kinalagan nung nag-aapoy na pagsubok na 'yun, tinanggal ang—ang mga tali sa kanilang mga kamay.

44 Maraming beses, hinahayaan tayo ng Diyos, kapag tayo'y konektadong-konektado pa sa sanlibutan, gapos pa roon, ibinubunsod Niya ang nag-aapoy na mga pagsubok na dumating sa atin, kung saan kinakailangan nating gumawa ng isang pagpapasya. At kapag gagawin natin 'yun, ang tanging bagay na gagawin ng pagsubok na 'yun, kapag ang isang tunay na Binhi ni Abraham ay naroong nakatayo sa—sa sangang-daan ng pagpapasya, at siya'y magpapasya na maglingkod sa Diyos, ang ibubunsod nga lang nun ay puputulin ang mga koneksyon na 'yun at palalayain tayo. Marahil bibigyan ka ni Satanas ng karamdaman. Marahil bibigyan ka niya ng isang ganito, o kung anong ganoon. Papaano n'yo pala malalaman na hindi ang Diyos 'yun na naglagay sa inyo sa sangang-daan, para tingnan kung anong uri ng—ng—ng pasya ang gagawin n'yo?

45 Kinamit nila ang pintuang-bayan ng apoy. Hindi sila masunog-sunog nung apoy. Ni wala maski amoy lang ng apoy na kumapit sa kanila, dahil batid nila na sila'y Binhi ni Abraham, at tumindig sila para sa Diyos at sa Kanyang Salita. Kinamit nila ang—ang mga pintuang-bayan ng kaaway, at hindi sila masunog-sunog nung apoy, dahil kinamit nila ang mga pintuang-bayan.

46 Paglaon, may isang lalaki, isang propeta sa dako roon, na ang pangalan ay Daniel. Siya nga'y. . . sinubok siya kung maglilingkod ba siya sa isang totoong Diyos, o hindi. At noong dumating ang panahon na 'yun, na kung siya ba'y maglilingkod sa isang tunay na Diyos, o sasamba sa isang paganong diyos-diyosan, tumanggi siyang sambahin 'yun; at binuksan ang mga kurtina, at nanalangin sa kanyang Diyos, araw-araw. At dinakip siya dahil dun, dahil sa paglabag sa pederal na mga batas, at ipinatapon sa yungib ng mga leon. May sangkumpol na

mga gutom na leon ang umatungal sa kanya roon. Anong ginawa niya? Kinamit niya ang pintuang-bayan ng kanyang kaaway. Hindi siya makain ng mga leon. Nagpadala ang Diyos ng Haliging Apoy, isang Anghel na tumayo sa pagitan niya't ng leon.

47 Kinamit niya ang pintuang-bayan ng kaaway, dahil sinubok siya para makita kung sasamba siya sa isang totoong Diyos, o tatangkilik ng sandosenang paganong diyos-diyosan para sambahin niya. Mangyari nga na namayani siya sa pagsubok, at kinamit niya ang pintuang-bayan ng kaaway. Hindi man lang siya nasaling ng leon, dahil ang Diyos ay kasama niya. Ang pangako ng Diyos ay nanatiling totoo, dahil siya'y isang tunay na Binhi ni Abraham.

48 Si Moises, oh, isa pa na dakilang tao. Sinubok din siya, hayan nga, para makita ang pangako na ibinigay ng Diyos sa kanya. "Ako'y sasama sa iyo sa pagdako mo roon." At noong siya'y tumayo sa harap ng mga manggagaya ng kanyang kaloob, sinubukan nila Janes at Jambres na tumayo roon at gayahin ang mismong bagay na inatas kay Moises na gawin. At tinawag nga siya ng Diyos, at alam niya na siya ang inatasan para gawin 'yun, at tumayo siya roon at pinamalas ang himala na sinabi sa kanya ng Diyos na gawin. At heto ngang nakatayo roon ang mga manggagaya, para gawin ang siya ring bagay, pero hindi nun natinag si Moises. Tumindig siya nang tapat sa Salita ng Diyos, at kinamit niya ang mga pintuang-bayan, amen, ng kaaway, dahil tumindig siyang tapat sa pangako ng Diyos, kahit na sino pa ang nagtatangkang gayahin ito.

49 Grabeng aral 'yan para sa bawat Cristiano! Kapag titingin kayo sa paligid at makakakita ng isang ipokrito, alalahanin n'yo mismo na kanya lamang tinatangka na gayahin ang totoong artikulo. Pero, ang ibig sabihin lang n'yan ay mayroon mismong isa na totoo talaga. Kaya tumindig kayong tapat sa Salita ng Diyos! Kahit na ano pa ang dumating o lumipas, ingatan n'yo ang Kanyang pangako. Oo, si Daniel ay nanatiling tapat sa Salita ng Diyos.

50 Kahit na gaano pang karami ang nagtatangkang gayahin siya, at lahat na ng kung anu-ano pa, siya'y nanatiling tapat. At nagtungo siya roon para sa isang layunin, ang kunin ang Israel palabas ng Egipto, at dalhin sila papasok sa ipinangakong lupain. At noong dumating ang panahon na sila'y patutungo na sa pangakong lupain, palabas ng Egipto, naroon nga ang Dead Sea sa daanan. At kanyang kinamit ang mga pintuang-bayan ng tubig, at ang mga pintuang-bayan ay bumukas nang todo. At ang—ang tubig ay umurong, at dinala ni Moises ang Israel papunta sa ilang, sa isang bundok kung saan inatasan siya ng Diyos na dalhin sila. Amen. Kinamit niya ang mga pintuang-bayan ng kaaway.

51 Ang kanyang ama, si Abraham, ay kinamit noon ang pangakong 'yun, na ang kanyang tunay na Binhi'y kakamtin ang pintuang-bayan ng kaaway. At ang mga pintuang-bayan ng tubig ay nakasara, at hindi siya makadaan, at 'yun ang daan ukol sa tungkulin. Dapat niyang dalhin ang mga anak na 'yun sa bundok na 'yun. Yun ang sinabi sa kanya ng Diyos. At doon nga'y nakahambalang ang pintuang-bayan sa daanan nila, at kinamit nga niya ang pintuang-bayan ng kaaway.

52 Si Josue, paglaon lang nang kaunti, noong makarating sila sa Kadesh-barnea, na luklukan ng kahatulan sa mundo noong panahon na 'yun, doon nga'y kinaharap ng Israel ang kahatulan nito. Nasumpungan natin sina Josue at Caleb, at ang labing-dalawang iba pa. . . o—o sampung iba pa. Isa mula sa bawat lipi ay ipinadala para tiktikan ang lupain na handa na nilang tanggapin.

53 At noong makita nila ang naglalakihang mga higante na nakatayo roon, masamang-masama ang naging pakiramdam nung sampu, sabi nila, "Hindi natin ito kayang sakupin. Masyadong malaki. Naku, tingnan n'yo ang makakasagupa natin." Kaya noong bumalik sila para dalhin ang ulat, ang dala-dala nila'y masamang ulat.

54 Bakit masamang ulat ang dadalhin nila, kung sinabi na sa kanila ng Diyos, "Ibinibigay Ko sa inyo ang lupain na ito; ito'y sa inyo"? Sinabi na Niya sa kanila noong naroon pa sila sa Egipto, "Ibinigay Ko na sa inyo ang lupaing 'yun, iyon ay isang magandang lupain, nag-uumapaw ito sa gatas at pulot."

55 Pero noong makita nila na ang makakalaban ay masyadong malalaki, sampu sa kanila ang bumalik at nagsabi, "Di natin kaya."

56 Pero heto si Josue, na pinatahimik ang mga tao, at nagsabi, "Tayo'y higit na may kakayahan na ariin ito. Tayo'y higit mismo na may kakayahan!" Dahil bakit? Nakatingin kasi siya sa pangako. Isa siyang tunay na Binhi ni Abraham. Kahit na ano pa ang makakalaban, "Makakamit natin ang pintuang-bayan, dahil ipinangako na ng Diyos ang lupain." At kinamit niya ang pintuang-bayan.

57 Paglaon, noong dalhin niya ang mga anak ni Israel sa may ilog. Doon nga'y nakaharang, noong buwan na 'yun ng Abril, ang isang malaking ilog, na umaapaw. Ang Jordan nga'y rumaragasa pababa ng mga bundok, at ito'y umaapaw sa buong kapatagan mismo. Mukha ngang pinaka masamang panahon, ng taon, na siya'y naroon. Pero, sa kabila nun, siya'y Binhi ni Abraham. Alam niya na may kamit siyang pangako, at siya'y nasa linya ng tungkulin. Binigyan siya ng Diyos ng isang pangitain, kung paano 'yun gagawin, at kinamit niya ang mga pintuang-bayan ng ilog. Noong bumukas nang todo ang mga pintuang-bayan, umatras ang tubig pabalik sa kabundukan. At kinamit ni Josue

at ng Israel ang mga pintuang-bayan ng kaaway, at tumawid patungo sa ipinangakong lupain, dahil sinabi sa kanila ng Diyos na gawin 'yun. Talagang tunay na Binhi ni Abraham!

58 Mga kapatid na lalaki't mga kapatid na babae, noong makarating siya roon, ang Jerico'y napapaderan nang husto, napakataas na magagawa nilang magpatakbo ng tatlong karwahe sa ibabaw nun. Papaano magagawa 'yun ng mga Israelita gamit ang hiniram, na mga napulot lang na mga tabak, at lahat na, at mga tungkod at mga bato, papaano sila makakapasok dun? Pero siya nga'y nananatili pa ring Binhi ni Abraham. Binigyan siya ng Diyos ng isang pangitain, sinabi sa kanya kung papaano ang gagawin dun, ang sabi, "Magpatunog ka ng pakakak." Amen. Ganoon lang. "Sumigaw, magmartsa patungo sa pader, ang mga pintuang-bayan ay babagsak sa harapan mo." Amen! Siya'y isang maharlikang Binhi ni Abraham. Siya'y tunay na mananampalataya ng Diyos. "Ang pintuang-bayan ay babagsak mismo sa harapan mo. Sumigaw lamang, at patunugin ang pakakak. Yun lang ang kailangan n'yong gawin." At anong nangyari? Bumagsak mismo ang mga pintuang-bayan, at kinubkob ni Josue ang bayan.

59 Paglaon pa nang kaunti, nasumpungan natin na ang kaaway ay matatalo na't papatakas, pagkatapos nun, at mangyari pa nga na pinahinto Niya ang araw sa daan nito. Gaya ng ipinangusap ko noong isang araw, sa *Paradox*, pinahinto Niya ang araw hanggang sa kamtin niya ang mga pintuang-bayan ng kanyang kaaway. Amen. Alam niya na kung ang kaaway na 'yun ay magsasanib-sanib uli, haya't nagkalat sila sa sandali na 'yun, at pababa na ang araw, at ang mga Amorrhero, at ang mga Amalecita, at iba pa, ay kalat-kalat sa buong dako. Kung makakapagsanib-sanib uli sila, at magsasama-sama, kung gayon ay mahihirapan siya na talunin uli. At may isa lamang na pumipigil, 'yun ay 'yung oras. At pinatigil niya ang oras. Amen! Amen! May isang bagay lang na pumipigil sa kanya mula sa pangako, 'yun ay 'yung araw, ang kalikasan mismo na papatawid, at pinahinto Niya ang kalikasan. Bakit? Isa siyang Binhi ni Abraham. Nanampalataya siya sa pangako ng Diyos. Pinahinto Niya siya, at kinamit ang mga pintuang-bayan. Siyanga, po.

60 Itong dakilang kalalakihan na ito, lahat sila'y dakilang tao. Pero alam n'yo na noong sila, bawat isa sa kanila, sa pagsapit nila sa pintuang-bayan ng kamatayan, lahat sila'y namatay. Bawat isa sa kanila'y kailangang mamatay. Dahil sila'y dakilang kalalakihan, "Pinahinto nila ang—ang bibig ng mga leon, at tinakasan ang apoy, at ang talim ng tabak," at iba pa, gaya ng pagkakasaysay sa atin sa Mga Hebreo 11. At kinamit nila ang mga pintuang-bayan ng kaaway, lahat mismo liban sa isang kaaway, at 'yun ay ang kamatayan. Nilamon ng kamatayan ang bawat isa sa kanila.

61 Pagkatapos isang araw, ay dumating ang Maharlikang Binhi ni Abraham, si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos; ang Binhi ni Abraham, sa pamamagitan ng pananampalataya. Hindi sa pamamagitan ni Isaac, na natural na binhi; ginawa nila ang bahagi nila. Pero heto ang Isa Na dumating na hindi ipinanganak sa natural. Heto ang Isa na hindi nanggaling sa seksuwal na pagnanasa. Heto ang Isa na dumating sa pamamagitan ng birheng kapanganakan. Ang Anak ng Diyos, ang Binhi ni Abraham, grabeng dakilang Lalaki ito! Lahat ng mga natural ay ipinanganak sa natural na mga kapanganakan. Itong Lalaking ito'y ipinanganak sa isang birhen na kapanganakan. Anong ginawa Niya noong dumating Siya sa lupa? Pinagtagumpayan Niya ang bawat kaaway na inihambalang ni Satanas. Pinagtagumpayan Niya ang lahat.

62 Anong ginawa Niya? Nagtungo Siya roon at pinagtagumpayan ang karamdaman. Hindi nga maaaring naroon ang karamdaman kapag naroon Siya; kung saan naroon ang karamdaman, pinagtatagumpayan Niya ito. Anong ginawa Niya matapos na pagtagumpayan Niya ito? Ibinigay Niya sa atin ang mga susi, amen, na sinasabi, "Anuman ang talian n'yo sa lupa, Aking tatalian sa Langit." Oh! Amen! Yun ang Maharlikang Binhi ni Abraham, Kanyang pangako. Ang Espiritu Santo'y nasa atin ngayon, na kamit ang mga susi't, hawak-hawak sa harap ng karamdaman. Pinagtagumpayan Niya ang karamdaman. Hindi makatatayo ang karamdaman sa Kanyang Presensya. At sinabi Niya na ibinigay Niya sa atin ang mga susi para gawin ang siya ring bagay, pagtagumpayan ang karamdaman. "Anumang inyong talian sa lupa, ay Aking tatalian sa Langit."

63 Ganoon din, sa tukso, tinukso Siya sa bawat paraan gaya natin. Anong ginawa Niya? Kanyang pinagtagumpayan ito. At anong sinabi Niya sa atin? "Salansangin ninyo ang diyablo, at tatakas siya sa inyo." Pinagtagumpayan niya ang karamdaman para sa atin. Pinagtagumpayan Niya ang tukso para sa atin, winasak ang mga pintuang-bayan; kinuha mismo ang susi mula sa manunukso, at ibinigay sa mananampalataya, ng Binhi ni Abraham, at nagsabi, "Kung tutuksuhin niya kayo, salansangin n'yo siya, at siya'y tatakas mula sa inyo." Oh, grabe! Salansangin n'yo siya!

64 Pinagtagumpayan Niya ang kapwa kamatayan at impyerno. Bumangon Siya sa ikatlong araw, na sinasabi, "Ako'y nagtagumpay. At dahil Ako'y nabubuhay, kayo'y mabubuhay rin naman." Oh, grabeng pangako! Yun ay para sa Binhi ni Abraham. Pinagtagumpayan Niya ang libingan, bumangon noong ikatlong araw, para sa ating pag-aaring ganap. Noong bumangon Siya, Siya ang ating pag-aaring ganap. Ano ang ibinunsod nun sa atin? Pinagtagumpayan Niya ang karamdaman. Pinagtagumpayan Niya ang kamatayan.

Pinagtagumpayan Niya ang impyerno. Pinagtagumpayan Niya ang libingan. Pinagtagumpayan Niya ang tukso. Oh!

65 "Ngayon tayo'y higit pa sa mga mapagtagumpay sa pamamagitan Niya na umiibig sa atin, at inalayan ng Kanyang buhay," sa pagiging Maharlikang Binhi ni Abraham. Sa pagkakaroon ng siya ring Espiritu ng Diyos na nasa atin, na nasa Kanya, tayo'y higit pa sa mga mapagtagumpay. Bawat pintuang-bayan ay pinagtagumpayan na para sa atin. Ang tanging bagay na kailangan nating gawin ay ariin ito. Ito'y pinagtagumpayan na. Ang karamdaman ay pinagtagumpayan na. Ang kamatayan ay pinagtagumpayan na. Ang impyerno ay pinagtagumpayan na. Ang libingan ay pinagtagumpayan na. Ang lahat ng mga bagay ay pinagtagumpayan na, at hawak-hawak na natin ang mga susi, sa pamamagitan ng biyaya Niya. Natatakot ba kayo na ipasok ang mga ito sa kandado, at sabihin, "Ako'y pumaparito sa Pangalan ni Jesus Cristo"? "Hingin n'yo sa Ama ang anuman sa Aking Pangalan." Iniibig ko Siya.

66 Makalipas ang dalawang-libong taon, dalawang-libong taon, at heto pa rin Siya na nasa kalagitnaan natin, ang makapangyarihang Mananagumpay na humapak sa tabing na mahati sa dalawa, na umako sa bawat karamdaman, bawat sakit, lahat-lahat sa Kanyang Sarili, at dinala ang ating mga kahinaan sa krus, at ang ating mga karamdaman at ating mga sakit, at pinagtagumpayan ang mga ito, at bumangon para sa ating pag-aaring ganap, at nanatiling buhay matapos ang dalawang libong taon, para ihayag ang Kanyang Sarili bilang isang nabubuhay na Jesus Cristo, sa gitna ng Maharlikang Binhi ni Abraham, na mga tagapagmana ng lahat na mga bagay. Oh, grabe! Sila na pagkatapos, na dumaan sa pagsubok, ay ang ipinangakong Salita! Kung makasasampalataya ka sa Salita, kung ganoon kayo'y Binhi rin ni Abraham. Sa ganoon kayo makakadako Rito.

67 Kung hindi n'yo kayang panghawakan ang pagsubok ukol sa Salita, na anupa't pinag-aalinlanganan n'yo Ito, may kaunting hinala kayo Rito, na hindi n'yo halos masampalatayanan Ito, may kung anong bagay o ano, na hindi n'yo Ito masampalatayanan, kung ganoon ay huwag kayong pumarito sa pila para sa pananalangin. Hindi ako magpapalaro-laro rito sa palibot ng altar, hanggang sa magkamit kayo ng sapat na biyaya na mabatid na ang Salita ng Diyos ay totoo.

68 At kapag makawala na kayo sa tabing na 'yan ng di-pagsampalataya, kung ganoon nga'y kamit n'yo na sa inyong mga kamay ang mga susi, ng kamatayan, impyerno, at ng libingan, dahil mayroon na kayong isang Mananagumpay Na nagtagumpay para sa inyo. Pagkatapos nga'y nariyan sa inyo ang Mga Hebreo 13:8, na sinasabi sa atin, "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Paano natin magagawa 'yun?

69 Sinasabi ng mga tao sa panahon ngayon, "Oh, buweno, sinasabi ko naman sayo, Siya nga sa—sa isang paraan lang, ganoon nga Siya."

"Pareho pa rin Siya," sinasabi ng Biblia.

"Oh, pero, hindi na Niya ginagawa sa panahon ngayon ang gaya ng ginagawa Niya noon."

70 Makikita natin ngayon, kapag nakita natin ang Kanyang Salita na pinatotohanan. Anong ginagawa nito? Ibinabalik Nito Ito sa kandungan nila uli. Amen.

71 Sinasampalatayanan Ito ng Binhi ni Abraham. Kilala nila Ito. At Siya'y narito, ngayong gabi, kung papaanong kinatagpo Niya si Abraham doon noong panahon ni Lot at ipinamalas ang himala na 'yun, gaya ng ginawa Niya sa pagsasabi kay Sarah kung ano ang sinabi nito sa likod Niya. Ipinangako ni Jesus, ang Maharlikang Binhi ni Abraham, na makikita ng Iglesya ang siya ring bagay bago ang Kanyang Pagdating. Ano 'yun? Kinakailangan itong maganap. Ipinangako ito ng Diyos. Kinumpirma ito ni Jesus Cristo at sinabi na magiging ganoon nga ito, at heto tayo ngayon, makalipas ang dalawang libong taon, nakikita Siya sa kalagitnaan natin, na nanatili pa rin na makapangyarihang Mananagumpay! Pinagtagumpayan Niya ang kamatayan, impyerno, libingan, lahat ng pamahiin; kinuha ang Salita . . . ? . . . kanya. Siyanga.

72 Ang sabi Niya, "Kung kayo'y nananatili sa Akin, at ang Aking Mga Salita'y nasa inyo, hingin n'yo ang anumang nais n'yo at ito'y ipagkakaloob sa inyo." Ano 'yun? Ang Salita, si Cristo, Na nariyan sa puso n'yo. "Kung kayo'y nananatili sa Akin, ang Aking Mga Salita'y nananatili sa inyo, kung ganoon ay napagtagumpayan n'yo na ang lahat na mga bagay dahil pinagtagumpayan Ko na ito para sa inyo. Kung nananatili kayo sa Akin, kung nauunawaan n'yo Ako, kung makapapanatili kayo sa Akin. Ang nananampalataya sa Akin, na tinanggap Ako; hindi kunwang-pananampalataya, kundi makatatanggap mismo. Ang dumirinig ng Aking Mga Salita, nauunawaan ang Aking Mga Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan; at hindi mapapasok sa pagtukso, o sa paghatol, bagkus ay lumipat na mula kamatayan patungong Buhay." Hayan nga Siya, ang makapangyarihang Mananagumpay!

73 Heto Siya ngayon, ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Heto Siya na nagpapamalas sa harap ng Binhi ni Abraham, na tinawag palabas ng Babilonia, tinawag palabas ng Sodoma, tinawag palabas ng mundo, at ibinukod, na ipinapakita mismo nang eksakto ang Kanyang pangako. Makalipas ang dalawang libong taon, heto Siya na nakatayo sa kalagitnaan natin, ngayong gabi, ang makapangyarihang Mananagumpay na 'yun, ang Salita ng Diyos na nakakatalos ng

mga pag-iisip na nasa puso, at mga haka niyaon. Ano 'yun? "Ang Iyong Binhi'y kakamtin ang mga pintuang-bayan ng kaaway nito." Ano 'yun? Yun ang Binhi ni Abraham, ang Maharlikang Binhi, na sinasampalatayanan ang Salita. At ang Salita ay—ang Salita ay Diyos.

74 Ngayon kapag nakikita na natin ito, tayo nga'y makahihiyaw kasama nila, gaya ng makata ng sinaunang panahon:

> Sa pagkabuhay, ako'y inibig Niya; sa pagkamatay, ako'y iniligtas Niya;
> Sa pagkalibing, Kanyang dinala sa malayong dako yaring pagkakasala;
> Sa pagbangon, nagawa nga Niyang ako'y ariing-ganap nang walang bayad kailanman,
> Balang araw Siya nga ay darating—oh, araw na walang kasing ningning!

75 May magsasabi, "Tumatanda ka na, iho." Hindi ko 'yan mapipigilan.

76 Sa buhay ko mula noong munting batang paslit ako, ang tanging tagumpay na nakamit ko ay ang makita ang Pagparito ni Jesus Cristo. Ibinigay ko ang buhay ko para sa layunin na 'yan. Ako'y nasa pulpito pa rin, bilang isang matandang lalaki't, sinasampalatayanan ko ang siya ring Salaysay, at ang pinaka dakilang bagay na naiisip ko ay ang makita si Jesus Cristo na dumarating mula sa kalangitan para tanggapin ang Sariling Kanya. Diyos, kung ganoon ang aking. . .Hindi nga nakapagtataka na maaawit natin:

> Ipagbunyi ng kalahatan ang kapangyarihan ng Jesus na Pangalan!
> Ang mga Anghel ay hayaan na manikluhod magpatirapa;
> Dalhin sa harapan ang maharlikang diyadema,
> At putungan Siyang Panginoon ng buong lahat-lahatan.

77 Bakit? Siya ang makapanyarihang Mananagumpay. Kung kayo'y nasa Kanya, kayo'y nasa Salita. Ang sabi Niya, "Kung kayo'y nananatili sa Akin, hingin n'yo ang anumang nais n'yo." "Anumang nais n'yo," dahil ang bawat pintuang-bayan ay napanagumpayan na. Pagkatapos ay masasabi natin:

> Dahil ang bawat pangako sa Aklat ay akin,
> Bawat kabanata, bawat talata, at linya.
> Ako'y nagtitiwala sa Kanyang Makalangit na Salita,
> Dahil ang bawat pangako sa Aklat ay akin.

78 Mga kaibigan, napagtatanto n'yo ba ang ibig sabihin nito? Bawat pangako na ipinangako ng Diyos noon kay Abraham, bawat pangako na ipinangusap ng mga propeta, bawat pangako na ipinangako ni Jesus Cristo para sa panahon na ito, narito

Siya para patotohanan ito at para ipakita na Siya'y nabubuhay magpakailanman. "Kakamtin ng Iyong Binhi ang pintuang bayan ng mga kaaway."

79 Pagdating sa oras ng kamatayan. Sasabihin n'yo, "Ano naman ang masabi mo tungkol dun?" Taglay n'yo pa rin ang Pagmamay-ari na 'yun na sinabi noon ni Pablo. "Oh libingan, saan naroon ang iyong tagumpay? Oh kamatayan, saan naroon ang iyong tibo? Pero salamat sa Diyos, Na nagbigay sa atin ng tagumpay sa pamamagitan ng makapangyarihang Mananagumpay na 'yun, si Jesus Cristo." Oh!

Ang mga Anghel ay hayaan na manikluhod magpatirapa;
Dalhin sa harapan ang maharlikang diyadema,
At putungan Siyang Panginoon ng buong lahat-lahatan.

80 Ngayong gabi, pagkalipas ng dalawang libong taon, tatayo tayo para makita Siya, hayan nga, ang makapangyarihang Mananagumpay na Siyang naghapak ng tabing na naghihiwalay sa atin mula sa alinmang pangako ng Diyos, at tayo sa Kanya'y higit pa sa mapagtagumpay. Manalangin tayo.

81 Makalangit na Ama, sa pagkakatayo namin dito, ngayong gabi, sa Presensya ng Espiritu Santo, ang dakilang Persona na 'yun ni Jesus Cristo sa anyo ng Espiritu, na Siyang ipinangako na darating sa Binhi ni Abraham, ang Maharlikang Binhi, dalangin namin, Oh Diyos, kung may lalaki o babae, kabataang lalaki o kabataang babae, na nandito, na hindi Ka pa nila nakikilala, mayroon silang pag-aalinlangan at pagaagam-agam sa kanilang isipan, tungkol sa Salita ng Diyos, na kung Ito ba'y Katotohanan o hindi, Oh Dakilang Diyos, na Siyang gumawa ng pangako, pumarito Ka po sa gabing ito! Mayroong isang dakilang pangako na Iyong ipinangako, Panginoon, haya't Iyo pong tutuparin ang pangako na 'yan, sinabi Mo, "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya; higit pa rito ang gagawin niya, sapagkat Ako'y dadako na sa Ama." Diyos Ama, dalangin namin na Iyong patototohanan ang Iyong Salita.

82 Marami po sa mga anak ni Abraham ang narito ngayong gabi, na mga may sakit. Oh, binarikadahan sila ng diyablo; kanilang ikinulong sila sa loob, at ipinangkandado ang mga susi, at nagsabi, "Ngayon mamamatay nga kayo; mayroon kayong sakit sa puso. Mayroon kayong *ganito*, *ganoon*, o *iba pa*, at mamamatay nga kayo."

83 Oh Diyos, nawa'y tumunog ang jubileong trumpeta, ngayong gabi, na ukol sa Ebanghelyo, nang sa gayon ang bawat alipin ay makawala na't malaya na! Pinagtagumpayan na ni Jesus Cristo ang mga pintuang-bayan na 'yun. Hawak-hawak namin ang mga susi sa aming mga kamay. Oh! "Sa Aking Pangalan ay

makapagpapalayas sila ng mga diyablo. Kung hihiling kayo ng anumang bagay sa Ama sa Aking Pangalan, ay gagawin Ko. Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya. Ang Salita ng Diyos ay mas matalas at mas mabisa kaysa sa isang tabak na may dalawang talim, na bumabaon hanggang sa paghihiwalay at ng utak, at madaling kumikilala ng mga pag-iisip na nasa puso."

84 "At kung paano sa mga araw ni Noe, gayon din naman ang pagparito ng Anak ng tao, sapagkat sila noon ay nagsisikain, nagsisiinom, nangag-aasawa, pinapapag-asawa; may malalaking programa ng pagpapatayo." At sa pagmamatyag namin sa sanlibutan, "Magkakaroon ng mga tanda, nakakatakot na mga tanawin sa langit sa itaas (ito 'yung mga flying saucer), lindol sa iba't ibang dako, ang dagat ay umuugong (mga tidal wave), magsisilupaypay ang puso ng tao (takot), may pagkabalisa sa pagitan ng bansa, natitilihang panahon."

85 "Kung papaano noon sa mga araw ni Lot, gayon din sa pagparito ng Anak ng tao." Oh Diyos, pumarito Ka ngayong gabi at ipamalas ang Iyong Salita, pumarito Ka ngayong gabi at isaalang-alang ang pananampalataya ng mga anak ni Abraham. Sa Pangalan ni Jesus Cristo ay hinihiling namin ito. Amen.

86 Pagpalain kayo ng Panginoon, nang masagana. Hindi po ako magtatawag ng pagdulog sa altar sa oras na ito. Iiwan ko ito sa inyo. Iniisip ko, na malimit, ang mga pagtawag ng pagdulog sa altar. . . Naniniwala ako sa mga ito. "Mangyaring marami ang tumanggap, ay nagpabautismo." Ganoon nga, "Marami ang tumanggap sa Kanya." Mananalangin tayo para sa mga maysakit.

87 Magagawa ko ngang makapangusap dito buong gabi. Kalugud-lugod nga po kayo na mga tagapakinig. Pero ang bagay na ako ang nagsasabi ay sadyang mula lang sa isang tao; pero kung ang sinasabi ko ay Kanyang Mga Salita, kung ganoon hindi na ito mga salita ko, ito'y Kanyang Mga Salita na. Kung may sinasabi akong isang bagay, at hindi 'yun sinusuportahan ng Diyos, kung ganoon sariling salita ko lang 'yun. Kung ang sinasabi ko ay ang Kanyang Salita, at sinusuportahan Niya Ito, sinong makasalanang lalaki o babae, kabataang lalaki o kabataang babae, ang lalakad na lang palayo at sasabihin na hindi raw Ito ang Salita ng Diyos?

88 Si Jesus, ang sabi'y noong gawin Niya ang mga bagay na ito, ang sabi nila, "Ang Lalaking ito ay isang manghuhula ng kapalaran. Isa Siyang diyablo!" Isang manghuhula raw ng kapalaran, alam ng sinuman na ang paghuhula ng kapalaran ay sa diyablo. Ang sabi niya, "Isa Siyang manghuhula ng kapalaran." Pero nakakita na ba kayo ng isang manghuhula ng kapalaran na nangangaral ng Ebanghelyo? Nakakita na ba kayo

ng manghuhula ng kapalaran na nagpapalayas ng mga diyablo? Hindi't, wala nga, hindi nila 'yun ginagawa.

89 Ang sabi Niya, "Ngayon, Ako na Anak ng tao ay patatawarin kayo rito. Subalit kapag dumating na ang Espiritu Santo, ang pagsasalita laban Dito ay hindi patatawarin sa sanlibutang ito o sa sanlibutan man na parating, dahil pagtawag 'yun sa gawa ng Diyos na maruming espiritu."

90 Ang Diyos ay mahabag sa atin, sa gabing ito, at dalangin ko na ang Diyos ay bababa't patototohanan ang Salitang ito sa harap n'yo.

91 Kapatid na lalaki, kapatid na babae, ito ang kaluluwa ko. Kakatagpuin at kakatagpuin ko ang Diyos. Pananagutan ko ang bagay na sinasabi ko sa inyo. Pananagutin ako ng Diyos para rito. Ganoon nga. Anong kapakinabangan ang maidudulot nito sa akin na tatayo rito at sasabihin ang mga bagay na ito kung alam ko na kinokondena ko ang kaluluwa ko na mapunta sa impyerno?

92 "May daan na tila matuwid sa isang tao, subalit ang dulo niyaon ay mga daan ng kamatayan." Hindi kailangan ng Diyos ng tagapagpaliwanag. Gaya ng nabanggit ko na noon, Siya ang nagpapaliwanag ng Sarili Niyang Salita.

93 "Kakamtin ng Binhi ni Abraham ang pintuang-bayan ng kaaway." Sinasampalatayanan n'yo ba 'yan?

94 Kung magagawa ko lang na pagalingin kayo, gagawin ko. Pinagaling na kayo ni Cristo. Ang tanging bagay, may susi ka sa iyong kamay. Ang susing 'yan ay ang pananampalataya n'yo, para panghawakan ito. Alisin n'yo ito sa pagkakakandado, ngayong gabi, magagawa n'yo ba? Habang Siya'y pumaparito sa kalagitnaan natin, ang Makapangyarihang Mananagumpay na 'yun na pinagtagumpayan ang bawat sakit, at pumarito at ipapakita sa inyo na ginawa na Niya ito, dahil Siya'y nananatili pa rin na Salita. "At ang Salita ay isang kumikilala ng mga pag-iisip na nasa puso."

95 Anong prayer card na? B, bilang isa hanggang . . . Sa ano ba tayo nagsimula, nung isang gabi? [May nagsasabi, "Bilang na isa."—Pat.] Sige't magsimula tayo sa bilang limampu. Sino po ang may prayer card B, bilang limampu? Itaas mo ang iyong kamay. Prayer card B. Nagsimula tayo sa bilang isa, noong isang gabi, ngayon magsisimula naman tayo sa bilang limampu, ngayong gabi.

96 Sino ang may B, B, bilang limampu? Itaas mo ang kamay mo. Prayer card B, bilang limampu. Ang ibig n'yo bang sabihin ay wala rito? Nasa sa'yo ba? Sige, B, bilang limampu. B, bilang limampu't isa, sino po ang may hawak? B, bilang limampu't isa, sige. B, limampu't dalawa, sino ang may hawak ng B, limampu't dalawa? Sige, nasa sa'yo. B, limampu't tatlo, limampu't apat, halikayo rito. Limampu't apat, limampu't lima.

97 Nagpupunta rito ang anak kong lalaki, bago ako pumasok, at pinaghahalo-halo niya ang ilang mga card. At diba't makikita n'yo, may isa na galing *dito* at 'yung isa ay *doon* naman? Hindi nila 'yan tukoy. Marahil lalapit kayo sa hanay na ito *rito* at makukuha n'yo ang bilang na isa, 'yung kasunod naman ay makukuha ang bilang sampu, 'yung isa'y bilang dalawampu't lima naman. Hindi natin tukoy kung saan ba, pero, kung saan nga naroon ang mga ito.

98 Ngayon ilan na ang natawag natin? Lima, apat? B, limampu. B ba, limampu, hindi ba? [May nagsasabi, "Opo."—Pat.] B, limampu hanggang limampu't lima. Limampu't anim, limampu't pito, limampu't walo, limampu't siyam, animnapu. Ngayon sige't tingnan natin, isa, dalawa . . . Bilangin mo sila, Billy, at tayo'y . . . Animnapu, pitumpu, patayuin n'yo muna sila, kung maaari. B, limampu hanggang pitumpu, pitumpu't lima. Bilangin mo sila, Kapatid na Roy, kung maaari, habang nakikipag-usap ako sa mga tagapakinig.

99 Ilan sa mga nariyan ngayon sa pagtingin n'yo sa gawi rito, at wala pa kayong prayer card?

100 Alalahanin n'yo, ang sabi ni Jesus, "Ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din ninyo." Totoo ba 'yun? Totoo 'yun. Sinasampalatayanan n'yo ba 'yun? Ganoon ang sinabi mismo ng Anak ni Abraham.

101 Sinasabi ng Biblia, na, "Siya ang Dakilang Saserdote." Mga Hebreo, ika-4 na kabanata, "Siya ang Dakilang Saserdote na nahihipo't nahahabag sa ating mga kahinaan." Sinasampalatayanan n'yo ba 'yan? Kung Siya'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, papaano Niya 'yun gagawin?

102 May isang munting babae noon, sa Biblia, sige't habang nakatuon kayo sa sinasabi ko. May isang munting babae, sa Biblia, marahil wala siyang prayer card; pero sinabi niya sa puso niya, "Kung mahihipo ko lang ang Lalaking ito, sinasampalatayanan ko Siya." Nagugol na niya ang lahat na mayroon siya, para sa pampapadok- . . . sa mga doktor. Hindi nila siya matulungan. Masyadong malala ang kaso niya. Hindi nila siya kayang tulungan. Pero ang babae nga'y nanampalataya na tutulungan siya ng Diyos. At hinipo niya ang Kanyang laylayan, ng Kanyang damit.

103 At ang sabi Niya, "Natalos Ko na may bisa na umalis mula sa Akin." Tama ba?

104 Nananampalataya ba kayo na Siya'y siya pa rin, ngayong gabi? Nananampalataya ba kayo na Siya'y narito? Ilan ang naniniwala na Siya'y bumangon mula sa patay? Ngayon paano n'yo mapapatunayan na Siya'y nagbangon mula sa patay?

105 Hindi pa katagalan, may isang tanyag na lalaking Baptist ang lumapit sa akin, at sabi niya, "Kapatid na Branham,

ako'y natalo—natalo, isang beses, ng isang Mohammedan na sinabi 'yun. Ang sabi niya kasi, 'Kung Siya nga'y bumangon, ipinangako Niya na Kanyang gagawin ang siya ring bagay. Sige't tingnan nga natin kung magagawa Niya ito.'" Kita n'yo, ang paniniwala kasi nila'y hindi Niya 'yun ginawa.

106 Pero tayo nga'y naniniwala na ginawa Niya 'yun. Sinasampalatayanan natin na Siya'y nagbangon mula sa patay. Wala nang ibang relihiyon sa mundo na makapagpapatunay na ang kanilang tagapagtatag ay nabubuhay, maliban sa Cristianismo. At ang tanging paraan na mapapatotohanan Ito ng Diyos, ay sa pamamagitan nila na sumasampalataya rito; dahil 'yun lang ang tanging paraan na mapapamalas ng Diyos ang pagpapangyari ng Kanyang Mga Salita, ay sa pamamagitan ng mga sumasampalataya Rito.

107 Ngayon habang ang mga tao'y nakalinya rito sa munting pila para sa pananalangin, hindi ko alam kung ilan ang magagawa natin, nais kong ang bawat isa sa inyo, na pumirmi lang sa kinalalagyan n'yo, pumirmi sa upuan n'yo, huwag kayong lumakad-lakad, tumingin kayo sa gawi rito at manalangin, sabihin n'yo, "Panginoong Jesus, ako'y nananampalataya."

108 Tandaan n'yo, sinabi Niya sa akin, "Kung maibubunsod mo ang mga tao na maniwala sa iyo; at pagkatapos ay maging sinsero sa tuwing ikaw ay mananalangin." Yan nga'y sa buong bansang ito mismo, paroo't parito, nang labing-limang taon na, wala ni isang beses na ito'y nabigo. Hinding-hindi Ito mabibigo.

109 Ang Diyos, ang isang bagay na hindi magagawa ng Diyos, ay ang mabigo. Kinakailangan Niyang tuparin ang Kanyang Salita. Sinasampalatayanan ko 'yan. Sinasampalatayanan ko 'yan kung papaano nga na ako . . . kaysa sa naniniwala ako na nakatayo ako rito, kaysa sa naniniwala ako na narito ako sa loob ng gusali; maaari kasing isang mirahe lang ito, maaaring panaginip lang ito. Sa kaluluwa ko, alam ko na si Jesus Cristo na Anak ng Diyos ay nabubuhay. At kayo sa pagiging Binhi ni Abraham, kayo sa pagiging patay kay Cristo, kayo'y Binhi ni Abraham.

110 Ngayon may mga panyo sila rito. Dakilang pananagumpay ang naibunsod gawa nito, sa mga taong nananampalataya. Ngayon iyuko na natin ang ating mga ulo, habang naghahanda ang mga tao, at ipanalangin natin ang mga ito.

111 Makalangit na Ama, itinuro sa amin sa Biblia, at may mga tao rito na sumasampalataya na ang bawat Salita na Iyong sinasabi ay ang Katotohanan. Panginoon, kung minsan ay nagpapahapay-hapay sila at sumusuksok sa suksukan ng susi, gamit ang susi, na haya't sablay, at nakakaskas lang, pero nananampalataya sila na ito'y naroon nga. Iyo pong hayaan lang sila na magpatuloy sa pagsuksok, hanggang sa mahanap nila ito, dahil ito nga'y naroon namang talaga. At ang susi na 'yun ay ang tamang susi, "Kung kayo'y makasasampalataya, lahat ng mga

bagay ay ipangyayari." Habang ang awitin ay inaawit ngayon, o tinutugtog.

112 Sa Biblia ang sabi nga roon, "Kinuha ni Pablo mula sa kanyang katawan ang mga panyo't mga tapi, at ipinadala ito sa kanila na mga may sakit at nagdadalamhati, at ang masasamang espiritu'y umalis mula sa mga tao, at sila'y gumaling."

113 Ngayon, Panginoon, alam namin na kasama Ka ni San Pablo. Pero, hindi nga siya 'yun; Ikaw po 'yun, Panginoon, si Cristo'y nasa kanya. "Hindi ako ang nabubuhay, kundi si Cristo na nabubuhay sa akin," ang sabi niya.

114 At ngayon sa henerasyong ito, Ikaw pa rin ay nananatiling Cristo, sa araw na ito ngayon, kung papaano kahapon. At habang ipinapanalangin ko ang mga panyong ito, hinihipo ang mga ito, dalangin ko na Iyong gagapiin ang bawat kaaway. Iyo pong pagkalooban sila ng pananampalataya, para mapag-unawa nila na ang bawat kaaway ay tinalo na.

115 At isang beses, ang Dagat na Pula, gaya ng kapapangusap lang namin, ay humambalang sa Israel mula sa pangako, at sila'y nasa linya ng tungkulin. At ang sabi ng isang manunulat, haya't, "Tumingin ang Diyos pababa nang may nagngangalit na mga mata, sa pamamagitan ng Haliging Apoy, at natakot ang dagat at binuksan ang mga pintuan nito, at sila'y tumawid."

116 Ikaw po'y tumingin pababa, ngayong gabi, sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus Cristo. At nawa, kapag ang mga panyong ito'y maipatong sa mga may sakit, nawa'y makita ng kaaway ang aming pananampalataya, ngayong gabi, habang idinadalangin namin ang pananalanging ito na may kalakip na pananampalataya para sa kanila. At nawa ang bawat isa'y mapalaya, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

117 Ngayon nais kong ibigay n'yo ang buo n'yong atensyon. Sinuman po ang namamahala sa mike dito, siguro'y lakasan mo lang. Dahil, kung gagawin ito ng Espiritu Santo. . . Hindi ko sinasabi na gagawin Niya.

118 Ngayon kung may sinuman na pupunta rito at sasabihin sa inyo na may kapangyarihan sila para pagalingin ang may sakit, huwag n'yong paniwalaan ito. Ang buong kapangyarihan ay nakay Cristo. Siya ang Mananagumpay, hindi kayo at ako. Tinatanggap lamang natin ang bagay na ginawa na Niya. Walang sinumang tao ang may kapangyarihan para magligtas o magpagaling.

119 Bawat tao sa mundo, ang halaga'y nabayaran na. Ang hinihiling ay nabayaran na. Papaano? "Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, sa Kanyang mga latay ay tayo'y pinagaling na." Ang inyong—inyong kagalingan ay binayaran na. Ang inyong kaligtasan ay binayaran na. May taglay ba kayong pananampalataya para lumapit, para tanggapin ito? Ganoon lang. Kung kayo'y Binhi ni Abraham, taglay n'yo nga.

Ipinangako ito ng Diyos. May bagay sa loob n'yo na nagsasabi na naroon 'yun, at naroon nga.

120 Ngayon ano ang kaloob? Kaloob ba 'yung nakakahayo at nakapagpapagaling ng mga tao? Hindi. Ang kaloob ay 'yung naaalis mo ang sarili mo sa pagkakahambalang sa daan, nang sa gayon ay magamit ka ng Diyos.

121 Ngayon ipinangako Niya 'yan, ang huling tanda, ayon kay Jesus Cristo, "Kung papaano sa mga araw ng Sodoma, bago mismo ito sinunog." Hindi na bago ang ibang bagay ay mangyari, ang Ebanghelyo'y ipinangaral ni Lot, at kung ano pa; hindi 'yun. Pero bago 'yun sinunog, bumaba ang Diyos sa anyo ng isang tao, at namalagi kasama ang hinirang na Iglesya, si Abraham at ang kanyang grupo, na taglay noon ang pangako.

122 Ngayon alalahanin n'yo, ang Binhi lamang ni Abraham ang tatanggap dito. "Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita pa ng sanlibutan," ang sabi ni Jesus. "Makikita ninyo Ako, sapagkat Ako'y sasama sa inyo, sasa inyo, hanggang sa wakas ng mundo."

123 Anupa't nangako Siya, na bago Siya bumalik muli, "Kung papaano noon sa Sodoma," tingnan n'yo kung ano na ang nangyayari noon sa Sodoma; tingnan n'yo kung ano ang nangyayari sa hinirang na Iglesya, sabi, "ganoon din sa pagparito ng Anak ng tao." Nahayag ang Diyos sa anyo ng tao, na noong nakatalikod Siya sa tolda, ay sinaysay kung ano ang ginawa ni Sarah sa loob ng tolda. Lahat ng nakakaalam na 'yan ay Katotohanan, itaas n'yo ang inyong mga kamay. Ganoon mismo. Ngayon ipinangako Niya ito. Narito na tayo sa wakas ng panahon. Ngayon alalahanin n'yo, 'yun ang huling bagay noon na nangyari; at ang daigdig ng Gentil ay sinunog, ang Sodoma, at ang ipinangakong anak ay dumating sa eksena. Tayo'y nakaantabay rin sa isang ipinangakong Anak, ang Anak ng Diyos.

124 Heto tayo. Nawa'y buksan ng Diyos ang inyong mga mata. Wala na akong nalalamang iba na sasabihin pa. Nawa'y buksan Niya ang inyong mga mata.

125 Ngayon Makalangit na Ama, wala po akong kayang gawin, isa lamang akong kimpal ng putik na Iyong hinulma, at inilagay sa dako rito. Oh Diyos, nawa ako, sa gabing ito, ay kamtin ang Iyong biyaya at Presensya, na nawa'y Iyong marahil gamitin ang mumunting kimpal na ito ng putik na mayroon Ka rito. Na ang mga ito, Panginoon, na Iyong tinawag tungo sa Buhay na Walang Hanggan, at marahil hindi pa Ito natatanggap, nawa'y makita nila ang mga pangakong ito. Marahil itinuro sa kanila na ito raw ay para noon sa ibang panahon, pero heto nga ito sa Biblia. Iyo pong patotohanan Ito, Panginoon. Ito po'y Sarili Mong interpretasyon. Hindi Nito kailangan ng higit pa roon. Kung Iyo pong ibubunsod ito, kung ganoon ay makikita nila na

ang Salita'y totoo. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama. Itinatagubilin namin ang aming mga sarili sa Iyo.

126 Ibunsod nawa na ang bawat tao rito, Panginoon, ay gamitin nila ang kanilang pananampalataya, sa gabing ito. Nawa'y ang bawat bahagi ng Lipi ni Abraham, sa pamamagitan ni Jesus Cristo, ay magtaglay ng pananampalataya, sa gabing ito, at tanggapin ang Iyong presensya. At ibibigay namin sa Iyo ang papuri. Amen.

127 Ngayon, ito ba 'yung hu-. . . Ngayon kakatwa nga ito. Nais kong tulungan n'yo ako ngayon, ipanalangin n'yo ako. Maupo lang nang tahimik mismo, huwag kayong paalis-alis. Maupo lang nang tahimik, manalangin.

128 Ngayon, kita n'yo, ito'y umuusad na mula sa pagi-ebanghelyo, patungo sa pagtataimtim mo sa iyong sarili sa isang paraan na ang Espiritu ng Diyos ay ganap na madadala ka sa ibang dimensyon.

129 Ngayon heto pong nakatayo ang isang kabataang. . . Lumapit ka lang dito nang kaunti, binibini. At sige't . . . Mainam 'yan, para hindi na ako lumayo mula sa mike na ito. Kita n'yo, hindi ko kasi alam kung anong mangyayari, kita mo, at kung minsan, alam mo . . . Ngayon ang alam kong dahilan nito, 'yung —'yung mike kasi, kita mo, at sinusubukan nilang masagap ito roon, at hindi ko lang alam kung ano.

130 Ngayon tayo'y estranghero sa isa't isa. hindi kita kakilala, hindi pa kita nakikita sa buong buhay ko. Haya't higit na mas bata ka sa akin. At marahil milya ang layo ng kapanganakan natin, at taon-taon ang layo. Ito ang unang beses natin na pagkikita. Tama ba? Kung ganoon nga, itaas mo ang iyong kamay para makita ng mga dumalo. Ngayon, siya po'y isang binibini lamang na nakatayo rito.

131 Tingnan n'yo, tingnan n'yo ito pabalik sa Kasulatan. Kunin natin ang San Juan 4. Bawat isa sa inyo'y basahin 'yan pagkauwi n'yo. Hindi—hindi ko sinasabi na ang babaing ito'y ganoong klase ng babae; hindi ko alam. At alam n'yo na hindi ako si Jesus Cristo. Pero heto Siya. Ito Siya. Ngayon ang Kanyang Espiritu na nagpapahid sa amin, ay magagawang ihayag ang suliranin sa kanya, gaya ng ginawa Niya noon sa babae sa may balon. Parehong bagay.

132 At, dahil nga dun, hayan mismo ang mga saserdote't mga namumuno noong panahon na 'yun, na ang sinasabi-sabi, "Ang lalaking ito'y isang manghuhula ng kapalaran, o isang diyablo, Beelzebub."

133 Ang sabi nung babae, "Ginoo, napagkikilala ko na Ikaw ay isang propeta. Alam namin na ang Mesiyas ay parating, at 'yun ang magiging tanda Niya."

134 Ngayon, ilan ang nakakaalam na ’yan ay totoo? Buweno, kung Siya’y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman, hindi ba’t ’yan din dapat ang Kanyang tanda sa gabing ito? Ipinangako ba Niya na magiging ganoon nga, bago mismo ang wakas ng panahon? Ngayon tingnan n’yo kung tinutupad Niya ang Kanyang pangako sa Binhi ni Abraham.

135 Ngayon kung mayroon dito na iniisip na mali ’yan, pumunta kayo rito at gawin ang siya ring bagay. Kung hindi, kung ganoon ay huwag kayong magsabi ng anumang bagay tungkol dito. Sa inyo ang pribilehiyo.

136 Ngayon, sa Pangalan ni Cristo, inilalagay ko ang bawat espiritu sa ilalim ng aking pamamahala, para sa kaluwalhatian at karangalan ng Diyos.

137 Makikipag-usap lang ako sa iyo, pansumandali, binibini. Alam mo, ang ating Panginoon ay nakipag-usap noon sa babaing ’yun sa balon. Ang sabi Niya, “Dalhan mo Ako ng maiinom.” Ano ’yung ginagawa Niya?

138 Ngayon masdan, ang sabi Niya, sa San Juan 5, “Katotohanan, katotohanang, sinasabi Ko sa inyo, ang Anak,” ’yun nga Siya, ang katawan, “ay walang magagawa man sa ganang Aking Sarili,” tanging ang bagay lamang na nakita Niya na ginagawa ng Ama. “Ang ginagawa ng Ama, Kanyang ipinapakita sa Anak. Kita n’yo, hindi Ako gumagawa sa ganang Aking Sarili, kundi kung ano ang nakikita Ko na ginagawa ng Ama.” Mangyari nga, na si Jesus ay di nagpapamalas ng isang himala maliban na unang-una’y ipakita sa Kanya ito ng Diyos sa pamamagitan ng isang pangitain; hindi na sinasabi sa Kanya sa Kanyang tainga, kundi ipinapakita sa Kanya. “Kung ano ang Aking nakikita,” hindi na naririnig, “nakikita na ginagawa ng Ama.” Yun ang nagpaging sa Kanya na isang propeta na katulad ni Moises, gaya ng sinabi noon ni Moises. Ngayon sa tuwing Kanyang—Kanyang malalaman na ang Ama . . . Siya’y nasa . . .

139 Papunta Siya sa Jerico noon, pero kinailangan Niyang dumaan ng Samaria, at nagtungo Siya sa isang bayan dun ng Sicar. At ngayon kita mo, ang mga taga-Samaria’y naghihintay para sa isang Mesiyas.

140 Ang mga Judio’y naghihintay para roon, at Siya’y nagpakita sa kanila ng Kanyang tanda. Si Felipe, si Natanael, si Pedro, noong mismong mapangyari ang tanda na ’yun, ang sabi nila, “Ikaw ang Anak ng Diyos.”

Ang sabi naman ng rabi, “Ang Lalaking ito’y Beelzebub.”

141 Pero ngayon tandaan n’yo, ang mga Gentil, tayo, tayo na mga Anglo-Saxon, hindi tayo—hindi tayo naghihintay noon para sa isang Mesiyas. Mga pagano tayo, mga Romano, at kung ano pa. Hindi tayo naghihintay noon para sa isang Mesiyas. Dumarating lamang Siya sa kanila na naghihintay para sa Kanya.

142 Mangyari nga na ang mga Samaritano'y naghihintay para sa Kanya, kaya kinailangan Niyang puntahan sila, doon sa Samaria. Naupo Siya roon sa may balon. May isang kabataang babae, marahil kasing edad mo, na lumabas doon. Isa siyang babae na may masamang reputasyon. Nabasa mo na ang kuwento, sa palagay ko. At sabi Niya, "Babae, dalhan mo Ako ng maiinom."

143 Sabi ng babae, "Oh, hindi kaugalian para sa Iyo, na isang Judio, na humingi sa isang taga-Samaria ng ganyan."

144 Sabi Niya, "Pero kung nalalaman mo lamang kung Sino ang kausap mo, hihingi ka sa Akin ng maiinom."

145 Nagpatuloy ang pag-uusap. Hanggang sa, nasumpungan Niya kung saan naroon ang suliranin ukol sa babae. Naalala mo ba kung ano 'yun? Napakarami niyang asawa. Tapos sabi, "Humayo ka't sunduin mo ang asawa mo, na magpunta rito."

Sabi ng babae, "Wala akong asawa."

146 Sabi, "Tama 'yang sinabi mo," sabi, "dahil nagkaroon ka na ng lima, at ang isa na kinakasama mo ngayon ay hindi sa'yo."

147 Sabi ng babae, "Ginoo, napagkikilala ko na isa Kang propeta. Batid namin na kapag ang Mesiyas ay darating, sasaysayin Niya sa amin ang mga bagay na 'yan."

At ang sabi Niya, "Ako nga Siya."

148 Iniwan nung babae ang banga niya ng tubig, tumakbo sa bayan, at nagsabi, "Halikayo, tingnan n'yo ang isang Lalaki na nagsaysay ng bagay na ginawa ko. Hindi ba't ito na ang Mesiyas?" Hindi sila nagkaroon ng propeta sa loob ng daan-daang taon. At heto ang isang Lalaki na nagsasabing Siya ang Mesiyas, at napatunayan mismo na isang—isang propeta talaga, at ipinakita ang tanda ng pagka-Mesiyas.

149 Maibubunsod ka rin ba na sumampalataya sa ganoon ding bagay, kung gagawin Niya ang siya ring bagay, yamang Siya'y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman, at ipinangako sa pamamagitan ng Mga Kasulatan na Kanyang gagawin ito?

Maibubunsod ba nito na ang mga tagapakinig ay sumampalataya?

150 Pinahihirapan ka ng suliranin sa bato. Kung tama, itaas mo ang kamay mo.

151 Bakit kaya parang laging may balik 'yun sa harap ko? Meron kasing isang nagsasabi diyan, "Hinulaan niya lang 'yun." Hindi ko po ito kailanman hinuhula-hulaan.

152 Heto, siya po'y isang mainam na babae. Sumasampalataya ka ba sa akin? Ngayon alam mo na hindi ko kailanman hinulaan 'yan. Hayaan mong sabihin ko ang isa pang bagay. Ang asawa mong lalaki'y kasama mo. Siya'y pinahihirapan, din. Hindi ba? Suliranin sa gulugod. Tama. Hindi ba? Mayroon ka ring

munting anak na lalaki na isinama mo. Siya'y pinahihirapan, din. Gusto mo siyang maipanalangin. May kung anong bagay siya na suliranin sa kanyang mga mata. Ganoon nga. Mayroon ka ring kasamang munting batang babae, may suliranin siya sa bato, katulad mo. Tama ba? Ngayon lahat kayo'y gagaling na, kung kayo'y sasampalataya. Sinasampalatayanan mo ba ito? Pagpalain kayo ng Diyos. Humayo kayo sa inyong daan at maging magaling na.

153 Sumasampalataya ba kayo? Siya'y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ano 'yun? Ano ba itong sinisikap Niyang gawin? Sa inyo, na Binhi ni Abraham, ipinapakita Niya sa inyo na hindi Siya patay. Hindi ko kayang gawin ang mga bagay na 'yan. Hindi Siya patay. Bagkus Siya'y nabubuhay mismo, ipinapakita sa inyo na may karapatan kayo para kamtin ang mga pintuang-bayan ng inyong kaaway. Yun ang aayos nun.

154 Itong binibini, lumapit ka rito, pansumandali. Tayo'y halos, magka-edaran, sa palagay ko. Pero tayo ay—tayo'y estranghero sa isa't isa, sa abot ng nalalaman ko. Hindi kita kakilala, at tayo'y estranghero. Wala akong nalalaman na anuman tungkol sa iyo. Kung tama, itaas mo ang kamay mo, kita mo. [Sinasabi ng kapatid na babae, "Tama po."—Pat.] May nagbigay nga sa iyo ng prayer card, at heto ka. Sige. Ngayon kung ang Panginoong Jesus . . .

155 Kung ako, marahil, sabihin natin na ako'y humahalili kunwari sa lugar ni Kapatid na Oral Roberts, o kung sinong iba na kilalang lalaki ng pananampalataya, sasabihin ko, "Ginang, ano ba ang sakit mo?"

156 Sasabihin mo, "Buweno, may *ganito-at-ganoon* ako." Ngayon, marahil hindi siya tama. Kita mo? Di ko alam. Kita mo? Pero, siya, maaari mong sabihin sa kanya kung anong sakit mo.

157 Tapos magpapatong siya ng mga kamay sa iyo, sasabihin, "Isinugo ako ng Diyos para—para manalangin para sa mga maysakit. Sinasampalatayanan mo ba 'yan?" "Oo." "Luwalhatiin ang Diyos! Humayo ka na't, sampalatayanan mo ito."

158 Ayos lang 'yan. Ayos lang naman 'yan. Ipinangako 'yan ng Diyos. Pero, kita n'yo, tayo'y nabubuhay nang kaunting mas mataas pa kaysa sa—sa panahon na 'yan. Ipinangako ni Jesus, "Kung papaano sa mga araw ng Sodoma. Ang mga gawang ginagawa Ko ay gagawin din naman ninyo."

159 Ngayon kung masasabi sa akin ng Diyos kung anong pinagdaanan mo, alam mo kung 'yan ba'y tama o mali. Masasabi Niya sa iyo kung anong ipangyayari sa iyo. At kung tama 'yun, ito nga'y magiging tama, rin. Kung masasabi Niya sa iyo, ano't anuman, di ko alam; pero kung sasabihin Niya sa akin kung ano ang suliranin sa iyo.

160 Kayo ba'y sasampalataya, rin, mga tagapakinig?

161 Kailangan ko nang huminto rito. Yung isang beses na 'yun, 'yung tao na nandito kanina, 'yun nga'y kumpirmasyon na mismo. Isang beses 'yung ginawa ni Jesus. Hindi na Niya ginawa nang isang beses uli. Lahat sa Sicar ay sumampalataya rito, pinaniwalaan ang patotoo nung babae, noong nagtungo siya roon, sinaysay sa kanila, at siya pa nga'y isang babae na masama ang reputasyon. Heto pong isang Cristiano ang bumaba kani-kanina lang sa entablado, sa harap n'yong lahat mismo! Amen. Pero yamang huli na kaysa sa inaakala natin, nawa'y ituluy-tuloy ng Panginoon na patunayan ang Kanyang Sarili, ang dakila't, makapangyarihang Mananagumpay, na ang Binhi ni Abraham . . . Pero tulad kay Abraham, ginawa Niya ito para kay Abraham, nang isang beses; pagkatapos ay winasak 'yun, at ginawa muli. Patuloy na nanampalataya si Abraham sa Diyos.

162 Hindi ka naparito para sa sarili mo. Pumarito ka para sa ibang tao, at isang binibini ito. Kapatid na babae mo. At ang binibini'y nakakanlungan ng kamatayan. At pinahihirapan siya ng—ng diyabetis. At hindi siya taga-rito. Siya'y galing sa . . . Siya'y taga-Louisiana, na isang latian na lugar. Yung . . . At heto pa ang isang bagay, para malaman ng mga tagapakinig. May anak kang babae na grabe ang karamdaman, na nagplaplano na makadalo sa pagtitipon na ito, at siya'y may epilepsy. Totoo 'yan. Totoo 'yan. Tama ba? Sumasampalataya ka na ba ngayon? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo. Amen."—Pat.] Kung Binhi ka ni Abraham tanggapin mo ito at humayo ka, at gumaling ka sa Pangalan ni Jesus Cristo.

163 Sumasampalataya ka ba? Tunay. Alalahanin n'yo, ito'y pangako Niya. Sinabi Niya na Kanyang gagawin ito. Tinutupad nga Niya ang Kanyang pangako.

164 Kumusta ka? Tayo'y estranghero sa isa't isa. Hindi kita kakilala. Pero nakikilala ka ng Diyos. Naniniwala ka na kung maihahayag sa akin ng Diyos ang suliranin sa iyo, ay hayan nga't alam mong nanggagaling ito sigurado sa kung anong espirituwal na kapangyarihan. Ngayon, dalawang bagay lang ang puwedeng panggalingan nito, na maiisip n'yo. Kapag ito'y ipangyari, ito'y lampas sa kayang ipaliwanag, dahil isa itong penomena. At, hayan din, na isa itong paradox; isang bagay, na buweno, ito'y hindi maarok ng katwiran, pero totoo. Ito'y maituturing na paradox. At ngayong alam mo na ito, kung ito ba'y totoo o hindi, batid mo mismo kung ang sinaysay Niya sa iyo ay katotohanan.

165 Ngayon, alalahanin mo, hindi kita kilala. Kaya ito'y sigurado mismo na kung Sino maliban sa akin. Kung ika'y kagaya ng mga Farieso, haya't sasabihin, "Oh, isa 'yang masamang espiritu," kung ganoon ay 'yun ang ganting matatanggap mo. Kung sumasampalataya ka na ito'y si Cristo, matatanggap mo ang Kanyang gantimpala. Ang dahilan kung bakit

nasasampalatayanan mo ito, ay dahil ipinangako Niya ito para sa araw na ito, at walang ganoon mula sa panahon na ’yun hanggang sa panahon na ito. Yun ang nagpapaging huling panahon nito.

166 May tao na madalas na nagpapakita sa harap mo, sa tuwina. Isang lalaki, na ubanin ang buhok. Ang asawa mo ito. Na nakaupo riyan. Sinisikap niyang matanggap ang kanyang kagalingan, hayan siya na nilulukuban ng isang kanser, may tumor, kanser. May suliranin ka sa bato, suliranin sa pantog. Kayo si G. at Gng. Little. Tama ba? [Sinasabi ng kapatid na babae, “Opo.”—Pat.] Sumampalataya kayo nang buong puso n’yo, at gumaling.

167 “Nasasabi mo ang kanyang, kanilang pangalan?” Aba, siyempre po. Hindi ba’t sinabi ni Jesus kay Pedro, “Ang pangalan mo ay Simon, anak ka ni Jonas”?

168 Heto ang isang lalaki. Tayo’y estranghero sa isa’t isa, ginoo. Hindi kita kakilala. Pero isa kang lalaki, kagaya—kagaya ni Pedro na lumapit noon sa Panginoong Jesus, ay heto tayo na magkasama. Naniniwala ka ba na ako’y Kanyang lingkod? Sinasampalatayanan mo ba na ang sinasabi ko’y katotohanan? [Sinasabi ng kapatid, “Opo, ginoo. Nananampalataya, po.”—Pat.] Kung makasasampalataya ka! Ako, kung may bagay lang akong magagawa para sa iyo, gagawin ko, pero wala nga akong magagawa. Nagawa na Niya ito; isang bagay lang ito para ibunsod ka na sampalatayanan ito. At, kita mo, hindi nga ako ito. Dahil kung ako ito, akin—akin nang ginawa ang lahat ng magagawa ko para sa iyo. Pero pinagkalooban Niya ako ng isang kaloob, at nilulubay ko lang ang aking sarili sa harap Niya, at Siya ang nagsasalita. Sinasampalatayanan mo ba ’yan? [“Opo.”]

169 Sinasampalatayanan n’yo ba ’yan, mga tagapakinig?

170 Nais kong makasumpong ng lalaki. Napakaraming bagay na diperensya sa iyo. Pero isa sa mga ’yan, may bukol ka sa kanan mong mata. Yan ang pangunahin mong problema. Heto pa ang isa, may isang babae na lumilitaw-litaw rito. Ang maybahay mo ito. Nananampalataya ka ba na kayang sabihin sa akin ng Diyos kung ano ang suliranin sa iyong maybahay rito? Ang suliranin niya’y sa kanyang bibig. Ang ngipin niya. Ganoon nga. Nananampalataya ka ba na ang siya ring Jesus, Na kilala kung sino si Simon Pedro, ay masasabi sa akin kung sino ka? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, “Opo.”—Pat.] Maibubunsod ba nito na sumampalataya ka nang lubos? [“Opo, ginoo.”] Maibubunsod? [“Opo.”] Oscar Barnes. [“Tama po.”] Tama ba? Sige’t makakauwi ka na, gumaling ka na.

171 [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . estranghero sa iyo. Hindi kita kakilala, pero nakikilala ka ng Diyos. Nananampalataya ka ba na kaya Niyang sabihin sa akin kung

ano ang suliranin sa iyo? Ikaw ba'y sasampalataya nang buong puso mo? Ang suliranin mo ay sa bandang lalamunan mo, at sa dibdib mo rito. Isa itong—isa itong pamumulok ng buto. Nagkakaroon ka ng mga bukol, na parang ganoon, at buko-buko sa loob ng istruktura ng buto. Ganoon nga. Hindi ka taga-rito. Ikaw ay nakatira sa isang—isang siyudad na may kahel na kakahuyan sa buong paligid nito. Nasa lambak 'yun, na may bulubunduking tanawin sa likod nito. May hotel na ang tawag ay Antlers. Sa San Bernandino ito. Taga-roon ka. Umuwi ka, pinagiging maigi ka na ni Jesus Cristo, kung ika'y makasasampalataya rito.

172 May isang bagay lang na makapagpapagaling ng kanser, 'yun ay ang Diyos. Nananampalataya ka ba na pagagalingin ka Niya? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Tunay po."—Pat.] Sampalatayanan mo! Umuwi ka, at nawa'y pagalingin kang lubos ng Panginoong Diyos.

173 Nito-nito lang ikaw nga'y bukod-. . .lubos na ninenerbiyos, talagang nababalisa. Dahil sa pagkanerbiyos na ito, 'yung tiyan mo'y nagkaroon ng masamang kalagayan. Hindi mo matunaw ang pagkain mo; sinusuka mo. Talagang umaakyat ang asido sa bibig mo. Kapag bandang dulo na ng hapon, napapagod ka't lahat na. Nagka-peptic ulcer ka sa tiyan mo. Nananampalataya ka ba na si Jesus Cristo 'yan na sinasaysay ito sa'yo? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] Humayo ka na't kumain ng hapunan mo, kung ganoon. Manampalataya ka nang buong puso mo, pinaiigi ka na ni Jesus Cristo.

174 Kumusta ka? Napakarami kang diperensya. Pero isa sa mga bagay na ikinatatakot mo, ay malulumpo ka dahil sa artritis. Pero sumasampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos, paiigihin ang lagay mo mula rito? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.]

175 Panginoong Jesus, dalangin ko na Iyong ipagkakaloob sa aking kapatid na babae ito. Iyo pong ipagkaloob sa kanya ang kanyang paningin. Iyo pong alisin ang suliraning pambabae mula sa kanya, at paigihin ang artritis, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

176 Humayo ka na ngayon, na sumasampalataya. Kanyang gagawin ito, at ito'y magiging maayos na. Huwag kang mag-alinlangan, magpatuloy ka lang sa paglalakad, at manampalataya ka nang buong puso mo.

177 Kalunus-lunos na bagay ang sakit sa puso, pero pinagagaling ni Cristo ang puso. Sinasampalatayanan mo ba 'yan? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] Humayo ka, sampalatayanan ito, at ito'y matatapos ding lahat. Tapos na ito.

178 Naniniwala ka ba na malulumpo ka? Hindi, sa palagay ko nga rin hindi, hayan nga. Sa hinuha ko, artritis; 'yang anino na 'yan diyan, oh, kanser 'yan. Nananampalataya ka ba na

pagagalingin Niya ito? [Sinasabi ng kapatid na babae, “Opo, sumasampalataya ako.”—Pat.] Humayo ka, sampalatayanan ito. Pagagalingin ka Niya.

179 Ginagambala ka nito, nang matagal-tagal na rin, ng bara na ’yan sa puso. Pero sumasampalataya ka ba na ito’y matatapos na, sa gabing ito? Humayo ka, sampalatayanan ito, pinaiigi ka na ni Jesus Cristo.

180 Ginagambala ka nito, ng suliraning pambabae, nang mahaba-haba na rin. At heto nga, ikaw, nahihirapan kang bumangon sa umaga. Naninigas, ang mga biyas mo. Hindi ka halos makalakad, hanggang mag-umaga, matagal-tagal na. Artritis ito. Umuwi ka, na hindi nag-aalinlangan, mawawala na ito sa iyo. Sumampalataya ka lamang, nang buong puso mo.

181 Napakarami mong kung anu-ano, mga komplikasyon. Pero ang isang bagay na gumugulo sa iyo nang husto, inaalala mo nga ang artritis, na ito nga ito, na nilulumpo ka. Sumasampalataya ka ba na maibubunsod Niya na makalakad ka at maging maigi na? [Sinasabi ng kapatid na babae, “Opo, ginoo.”—Pat.] Humayo ka, na nananampalataya nang buong puso mo, paiigihin ka ni Jesus Cristo.

182 Ninenerbiyos na puso, at artritis, pero nananampalataya ka ba na kaya kang pagalingin ng Diyos? Nananampalataya ka ba? Humayo ka, at nawa’y pagalingin ka ng Panginoong Jesus.

183 Pinahihirapan kang lubos ng tiyan na ’yan nitong huling ilang taon, hindi ba? Hindi na ngayon. Humayo ka, sampalatayanan mo ito. Pagpalain ka ng Diyos. Gumaling ka.

184 Ikaw, rin, ang tiyan mo’y pinagaling na. Humayo ka, na nananampalataya nang buong puso n’yo. Huwag kayong mag-alinlangan.

185 Nahihirapan kang huminga, ’yang matinding hika na ’yan ay talagang piniperwisyo ka nang husto, hindi ba? Nananampalataya ka ba na matatapos na ito ngayon? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, “Opo.”—Pat.] Sige, humayo ka’t sampalatayanan ito. Amen.

186 Hallelujah! Nananampalataya ka ba nang buong puso?

187 Sandali lang po. Hindi n’yo ba nakikita ang Liwanag na ’yan diyan? May munting itim na ginang na nakatingin sa akin, nakaupo riyan, may bukol siya sa kaliwang tagiliran. May suliranin siya sa bato, mga komplikasyon. May higit kang pananampalataya. Hindi mo kailangang lumapit pa rito. Tapos na ito. Manampalataya ka lamang. Amen. Manampalataya ka lang sa Diyos!

Sinasampalatayanan mo ba ’yan?

188 Nananampalataya ka ba, kapatid na babae, na malalampasan mo ang suliranin na ’yan sa gulugod, ikaw na nakaupo riyan? Nananampalataya ka ba na pagagalingin ka

Niya? Sige. Basta't huwag ka lang mag-alinlangan dito, at makakamit mo ito kung sasampalataya ka lamang.

189 Ang lalaking nakaupo rito, na nakatingin sa akin, pinahihirapan siya ng suliranin sa prostate, patayo-tayo sa gabi't iba pang bagay. Nananampalataya ka ba, ginoo? Matatapos din 'yan, siyanga, kung sinasampalatayanan mo ito.

190 Hetong nakaupo ang isang itim na lalaki na nakaupo rito, nakatingin siya sa akin. Pinahihirapan siya ng epilepsy. Inaasam din niya ang bautismo sa Espiritu Santo. Tumayo ka, ginoo, tanggapin mo ang kagalingan mo. Nawa'y ipagkaloob sa iyo ng Diyos ang bautismo ng Espiritu Santo. Amen.

191 Nakaupo sa tapat mo lang, may isang bata na nakaupo riyan, na may epilepsy rin, para bang inaatake siya ng pagkahimatay, na nakaupo riyan, diyan sa kabilang gilid. Nananampalataya ka ba na pagagalingin ng Diyos ang bata, riyan? Nananampalataya ka ba nang buong puso mo? Kung ganoon pagagalingin ng Diyos ang bata.

192 Nananampalataya ba kayo, bawat isa sa inyo? Hindi ba't—hindi ba't Siya'y—hindi ba't Siya'y tunay mismo na Maharlikang Binhi ni Abraham? Hindi ba't Siya ang makapangyarihang Mananagumpay? Ipinangako ba Niya na makakamit n'yo ang mga pintuang-bayan ng kaaway?

193 Ilan sa inyo ang tali, ramdam ang panggigipit ng kaaway? Itaas n'yo ang inyong mga kamay, na mga nararamdaman ang panggigipit ng kaaway, at kayo'y Binhi ni Abraham, itaas n'yo ang mga kamay n'yo nang *paganito*. Sabihin n'yo, "Kapatid na Branham, tinutuliro ako nang pagkanerbiyos." Oh, nasa walumpung porsiyento sa inyo ang may ganoon. Hayan nga, aking. . . Sadya pong nagiging maulap, ang buong madla po'y nagiging parang isang malaki't makapal na ulap, na para bang binubulag ako, diyan sa dako kung nasaan kayo.

194 Hindi n'yo ba nakikita, na dito'y may dalawampu o tatlumpu, marahil, na mga kaso, o higit pa nga, dito mismo sa entabladong ito at diyan sa mga nakikinig, na ang Diyos ay hindi nabibigo? Si Jesus Cristo ito na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Sinasampalatayanan n'yo ba 'yan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kung ganoon bakit hindi, na ang bawat Binhi ni Abraham, bakit hindi n'yo kunin ang susi ngayon? Ang dakilang Mananagumpay, na pinagtagumpayan ito para sa inyo, ay narito. Napatunayan Niya na Siya'y narito. Sinasampalatayanan n'yo ba Siya?

195 Kung ganoon ay gamitin n'yo ang susi ng pananampalataya, iunat n'yo ang inyong mga kamay, at sabihin, "Jesus Cristo, nananampalataya ako para sa aking kagalingan, ngayon mismo." Tumayo kayo. Itaas n'yo ang inyong mga kamay, alisin n'yo ang pagkakakandado sa inyong pananampalataya ngayon.

"Nananampalataya ako, Panginoong Jesus. Nananampalataya ako mismo ngayon."

196 Ngayon ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa isa't isa. Iunat n'yo ang inyong mga kamay sa isa't isa, sa kalapit na Binhi ni Abraham. Ngayon ipanalangin n'yo ang taong 'yan. Ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa kanila. Ang sabi ni Jesus, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na mga nagsisisampalataya. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, ang mga ito ay gagaling."

197 Satanas, talunan ka na sa labanang ito. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, lumabas ka riyan, at palayain ang mga taong ito, para sa kaluwalhatian ng Diyos.

*Ang Patriyarkang Si Abraham* TAG64-0207
(The Patriarch Abraham)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Biyernes ng gabi, Pebrero 7, 1964, sa Kern County Fairgrounds sa Bakersfield, California, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2022 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org